ANG IYONG BOSES AY MAHALAGA!

Introduksyon sa

# Joint Committees

Pagsasanay | Serbisyong Panlipunan | Pakinabang | Kabatirang Kultural | Organisasyon sa trabaho | Kaligtasan



International Labour Organization

State of Qatar — Ministry of Administrative Development, Labour & Social Affairs

TAAWON

***Bilang manggagawa, ang iyong boses ay mahalaga! Mayroon kang magandang ideya ngunit may problema ka sa pagpapahayag nito. Paano mo ito maipapaalam sa namamahala? Isang paraan upang maiparinig ang iyong boses ay sa pamamagitan ng Joint Committee.***



## Ano ang Joint Committee?

Sa ilalim ng batas ng paggawa sa Qatar, ang mga kumpanya na may higit sa tatlumpong manggagawa ay maaaring bumuo ng isang Joint Committee. Ang Joint Committee ay pagsasanib ng balanseng bilang ng manggagawa at ng namamahala sa iyong kompanya.



## Paano ako matutulungan ng Joint Committee?

Kung ikaw ay may suliranin o panukala, ang kumakatawan ng manggagawa sa isang Joint Committee ay maaaring talakayin ito sa namamahala.



## Gaano kadalas sila nagpupulong?

Ang Joint Committee ay nagpupulong ng hindi bababa sa isang beses bawat buwan upang talakayin ang mga mahahalagang isyu sa pinagtatrabahuhan.

## Sino ang kumakatawan sa mga manggagawa?

Ang mga manggagawa ang maghahalal ng kanilang kinatawan sa Joint Committee sa loob ng dalawang taon. Pakikinggan nito ang kapwa niya manggagawa at tatalakayin ang kanilang mga alalahanin. Ipababatid din nito ang mga napagkasunduan sa mga pagpupulong ng Joint Committee sa mga kasamahan sa trabaho.

## Maaari ba akong kumandidato?

Kung ang iyong kumpanya ay may Joint Committee ay maaari kang kumandidato para sa eleksyon bilang kinatawan ng manggagawa. Lahat ng manggagawa, maging direct-hired o nagtatrabaho sa isang kontraktor o ahensya basta't nagtatrabaho sa iisang kompanya ay maaaring kumandidato sa eleksyon. Kinakailangang mayroon kang wastong kontrata, nakapagsilbi ng hind bababa sa isang taon sa serbisyo at hindi humahawak ng katungkulang kabilang sa namamahala.



## Ako ba ay babayaran?

Ang pagsali sa Joint Committee ay walang karagdagang kabayaran, subali't ikaw ay bibigyan ng time off sa pagggawa sa oras ng trabaho upang gampanan ang iyong tungkulin.



## Paano ko malalaman kung may eleksyon?

Ang departamento ng Human Resources ng inyong kumpanya ay ipababatid sa lahat na magkakaroon ng eleksyon para sa Joint Committee at kung paano ito gaganapin.

## Ako ba dadaan sa pagsasanay kung ako ay mahalal?

Kung ikaw ay nahalal, ikaw ay dadaan sa pagsasanay patungkol sa iyong bagong tungkulin at sa mga responsibilidad na kaakibat nito.

## Para sa karagdagang impormasyon, panoorin ang video na ito o tingnan ang

Para sa mga karagdagang impormasyon, bisitahin ang *www.ilo.org/qatar-office*